# SIMPLENG KAPALIWANAGAN NG TATLONG MAIIKLING KABANATA NG QUR'AN

**Marka:**

**Deskripsyon:** Ang araling ito ay kapaki-pakinabang para sa pagsasaulo sa tatlong mahahalaga at madalas basahing maiikling mga kabanata (surah) ng Quran: Surah al-Ikhlaas, Surah al-Falaq at Surah an-Naas at para matutunan ang kanilang mga kahulugan sa bawat talata.

**Kategorya:** Mga Aral › Ang Banal na Quran › Kapaliwanagan ng Ilang Talata

**Ni:** Imam Kamil Mufti

**Nai-publish sa:** 31 Mar 2018
**Huling binago sa:** 11 Apr 2018

Mga Layunin

- ·Mamemorya ang tatlong mahahalaga at madalas basahing maiikling mga kabanata (*surah*) sa Qur'an: *Surah al-Ikhlaas, Surah al-Falaq* and *Surah an-Naas*.
- ·Matutunan ang salin ng kahulugan at ang kapaliwanagan ng bawat talata sa simpleng wika.
- ·Mapag-aralan ang kapaliwanagan ng mga talata base sa *al-Tafseer al-Muyassar* na isinulat ng mga lupon ng mga Iskolar ng Qur'an.

Mga Terminolohiyang Arabik

- ·*Surah* – kabanata sa Qur'an.
- ·*Salah* - ang salitang arabik na tumutukoy sa direktang koneksyon sa pagitan ng isang nananampalataya at Allah. Higit pa rito, sa Islam ay tumutukoy ito sa limang beses na pang-araw-araw na espesyal na pagdarasal at ito ang pinaka-mahalagang uri ng pagsamba.
- ·*Jinn* - Isang nilikha ng Allah na nilalang bago ang tao mula sa apoy na walang usok. Ang mga ito ay tinutukoy minsan bilang mga espiritu, enkanto, mga sumasanib, ibang nilalang, at iba pa.

## *Surah* Al-Ikhlaas

Ang maikling *surah* na ito ay katumbas sa kabutihang taglay ng isang-ikatlong bahagi ng Qur'an, at angkop na imemorya para bigkasin sa *salah*. Kanais-nais din na bigkasin ito pagkatapos ng bawat pagdarasal at bago matulog sa gabi.

## Teksto, Pagsasatitik, Salin ng Kahulugan, at Kapaliwanagan

***???? ???? ??????? ??????***

***1. Qul huwallahu ahad***

***Sabihin mo: “Siya ang Allah, Nag-iisa.***

Sabihin mo o Muhammad: Siya ang Allah, ang tanging Panginoon, ang Nag-iisa na nararapat sa pagsamba, at ang tanging Isa na nagtataglay ng Mga Pangalan at Katangian ng kagandahan at pagiging perpekto. Walang nakikibahagi sa Kanya sa mga bagay na ito.

***??????? ?????????***

***2. Allahus samad***

***Allah, ang As-Samad (ang ganap na sandigan at inaasahan ng lahat).***

Tanging ang Allah lamang ang hinahanap sa mga panahon ng pangangailangan. Ang Allah lamang ang nais ng mga puso. Sa Kanya nakasalalay ang lahat ng nilalang. Ang pag-asa na ito ay walang kapalit, gayunpaman; Wala siyang pangangailangan sa Kanyang mga nilalang.

***???? ?????? ?????? ???????***

***3. Lam yalid walam yoolad***

***Hindi siya nagkaanak at hindi siya ipinanganak,***

Wala Siyang anak na lalaki o anak na babae, ama o ina, o kasama man.

***?????? ????? ????? ??????? ??????***

***4. Walam yakun lahu kufuwan ahad***

***At sa Kanya ay walang makakapantay (o makakatulad).”***

Walang kahit anong nilikha ang katulad sa Allah, sa Kanyang pangalan, Katangian, at gawa.

# *Surah* Al-Falaq

Ang *Surah* al-Falaq ang ikalawang huling kabanata ng Quran. Ang kabanatang ito at *Surah* an-Naas ay parehong pinakamainam na proteksyon ng tao laban sa kasamaan. Mainam din na madalas itong bigkasin sa *salah*. Inirerekomenda rin na sabihin ang mga ito pagkatapos ng bawat obligadong pagdarasal at bago matulog sa gabi.

## Teksto, Pagsasatitik, Salin ng Kahulugan, at Kapaliwanagan

***???? ??????? ??????? ?????????***

***1. Qul aaoothu bi rabbil falaq***

***Sabihin mo: "Ako ay nagpapakupkop sa Panginoon ng bukang-liwayway"***

Sabihin mo o Muhammad: Ako ay nagpapaprotekta sa Panginoon ng bukang-liwayway.

***??? ????? ??? ??????***

***2. Min sharri ma khalaq***

***Mula sa kasamaan ng anumang Kanyang nilikha***

Mula sa kasamaan ng bawat nilalang at kung anuman ang maaaring pinsala nito.

***????? ????? ??????? ????? ??????***

***3. Wa min sharri ghaasiqin itha waqab***

***At mula sa kasamaan ng kadiliman ng gabi kapag ito ay lumalalim***

At mula sa kasamaan ng malalim na kadiliman kapag ito'y nananahimik, at ang mga nilalang sa gabi.

***????? ????? ????????????? ??? ?????????***

***4. Wa min sharrin naffathati fil uqad***

***At mula sa kasamaan ng mga tagapag-ihip sa mga buhol o nakabuhol***

Mula sa kasamaan ng magkukulam na umiihip sa mga buhol o tali kapag nag-oorasyon ng pangkukulam.

***????? ????? ??????? ????? ??????***

***5. Wa min sharri haasidin itha hasad***

***At mula sa kasamaan ng isang mainggitin kapag siya ay naiinggit."***

At mula sa kasamaan ng mainggitin kapag naiinggit siya sa mga tao Sa taglay nilang mga ipinagkaloob ni Allah, nagnanais na maalis ang mga ito, at naghahangad na masaktan ang mga tao.

# *Surah* Al-Naas

Basahin ang pagpapakilala ng *Surah* al-Falaq.

## Teksto, Pagsasatitik, Salin ng Kahulugan, at Kapaliwanagan

***???? ??????? ??????? ????????***

***1. Qul aaoothu birabbin naas***

***Sabihin mo: "Ako ay nagpapakupkop sa Panginoon ng sangkatauhan,***

Sabihin mo o Muhammad: Nagpapaprotekta ako sa Panginoon ng sangkatauhan mula sa ibang mga tao, na tanging may kakayahang iwaksi ang kanilang masasamang mungkahi.

***?????? ????????***

***2. Malikin naas***

***Ang Hari ng sangkatauhan.***

Ang Hari ng sangkatauhan na hindi nangangailangan ng tao, ngunit ang tao ay nangangailangan sa Kanya - Siya ang namamahala sa lahat ng mga gawain ng tao.

***?????? ????????***

***3. Ilaahin naas***

***Ang Diyos ng sangkatauhan,***

Ang Diyos ng sangkatauhan, bukod sa Kanya ay walang ibang sasambahin, walang diyos, at walang bagay na angkop na sambahin.

***??? ????? ???????????? ???????????***

***4. Min sharril waswasil khannas***

***Mula sa kasamaan ng dumidistansyang tagapagbulong***

Mula sa kasamaan ng mapanlinlang na Demonyo na bumubulong ng tukso sa mga sandali ng kapabayaan at nagtatago kapag si Allah ay naalala.

***??????? ?????????? ??? ??????? ????????***

***5. Allathee yuwaswisu fee sudoorin naas***

***Na nagbubulong ng kasamaan sa mga dibdib ng mga tao***

Yaong mga nagkakalat ng kasamaan at nagtatanim ng mga pag-aalinlangan sa puso ng mga tao.

***???? ?????????? ?? ????????***

***6. Minal jinnati wan naas***

***Sila ay mula sa lipon ng mga jinn at tao."***

Mula sa mga masasama na mga tao at sa mga masasamang espiritu na kabilang sa mga *jinn*.

Ang web address ng artikulong ito:

https://www.newmuslims.com/tl/articles/84/simpleng-kapaliwanagan-ng-tatlong-maiikling-kabanata-ng-quran

Copyright © 2011 - 2023 NewMuslims.com. Lahat ng karapatan ay nakalaan.